WE
YOUR
PEOPLE

# Iisang Panginoon, Iisang Pananampalataya

WEEK 1

## WARM-UP

- Gusto mo bang ibinabahagi ang mga gamit mo (pagkain, damit, *supplies*) sa ibang tao? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang pinakamalaking pagsubok na hinarap mo sa isang laro na panggrupo (*team game*)? Ano ang nangyari?
- Balikan ang isang pagkakataon na naranasan mo ang tagumpay o pagkatalo bilang bahagi ng isang grupo ng tao. Ikwento kung ano ang nangyari.

## WORD

16 *Sumagot si Simon Pedro, "Kayo po ang Cristo, ang Anak
ng Diyos na buhay."* 17 *Sinabi ni Jesus sa kanya, "Pinagpala
ka ng Diyos, Simon na anak ni Jonas. Sapagkat hindi
tao ang nagpahayag sa iyo ng bagay na ito kundi ang
aking Amang nasa langit.* 18 *At ngayon sinasabi ko sa iyo
na ikaw si Pedro, at sa batong ito, itatayo ko ang aking
iglesya, at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng
kamatayan."* **MATEO 16:16–18**

4 *Sapagkat iisang katawan lamang tayo na may iisang
Banal na Espiritu, at iisa rin ang pag-asang ibinigay sa
atin nang tawagin tayo ng Diyos.* 5 ***Iisa ang Panginoon
natin, iisang pananampalataya****, at iisang bautismo.*
6 *Iisa ang Diyos natin at siya ang Ama nating lahat.
Naghahari siya, kumikilos at nananahan sa ating lahat.*
**MGA TAGA-EFESO 4:4–6**

(Basahin din ang **MATEO 16:13–15.**)

Naitala sa talatang ito ang unang pagkakataon na nagamit ang salitang "iglesya." Galing ito sa salitang Griyego na *ekklesia*, na ang ibig sabihin ay "mga tinawag." Ang iglesya ay tumutukoy sa isang samahan o pagtitipon ng mga tao na tinawag para sa isang partikular na layunin. Minsan, ang kahulugang ito ay hindi naipapahayag sa konteksto natin sa kasalukuyang panahon dahil ginagamit din natin ang salitang "iglesya" o simbahan para tukuyin ang isang lugar kung saan nagsasama-sama ang mga mananampalataya para sumamba. Ngunit malinaw na sinasabi sa

Kasulatan na hindi isang gusali ang tinutukoy ni Jesus, kundi ang isang grupo ng mga tao. Bilang mga mananampalataya, bahagi tayo ng pandaigdig na Iglesya, na binubuo ng lahat ng mga tunay na mananampalataya, at ng lokal na iglesya o komunidad ng mga mananampalataya. Sa araw na ito, titingnan natin ang dalawang mga katangian ng Iglesya na itinatayo ni Jesus.

## 1 | Bilang isang Iglesya, iisa lamang ang ating Panginoon.

*[16]Sumagot si Simon Pedro, "**Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay**." . . . [18]"At ngayon sinasabi ko sa iyo na ikaw si Pedro, at sa batong ito, itatayo ko ang aking iglesya, at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan."* **MATEO 16:16, 18**

*[4]Sapagkat iisang katawan lamang tayo na may iisang Banal na Espiritu, at iisa rin ang pag-asang ibinigay sa atin nang tawagin tayo ng Diyos. [5]**Iisa ang Panginoon** natin, iisang pananampalataya, at iisang bautismo. [6]Iisa ang Diyos natin at siya ang Ama nating lahat. Naghahari siya, kumikilos at nananahan sa ating lahat.* **MGA TAGA-EFESO 4:4–6**

Tinanong ni Jesus ang Kanyang mga disipulo kung sino ang sinasabi ng ibang tao na *Anak ng Tao* (Mateo 16:13) at kung sino Siya sa pag-aakala nila (Mateo 16:15). Personal na tinatawag ng Diyos ang mga tao upang makilala nila si Jesus. Bilang tugon, ipinahayag ni Pedro na si Jesus *ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay*. Sa pundasyong-bato na ito nakatatag ang Iglesya (ang mga mamamayan ng Diyos). Siya ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay, na dumating at nagpapahayag na ang kaharian ng Diyos ay dumating na (Marcos 1:15). Siya ang Panginoon at Tagapagligtas na nagpapanumbalik sa mga tao sa tamang ugnayan sa Kanya. Siya ang *Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon* (1 Timoteo 6:15), na namamahala at naghahari ng mundo. Ang katapatan natin ay nasa Kanya lamang. Dahil sa kung sino si Jesus, ang Iglesya ay nagpapasakop sa Kanyang Pagkapanginoon, naglilingkod nang may pagkakaisa bilang isang pangkat o katawan, at magtatagumpay. Dahil iisa lamang ang ating Panginoon, sa palagay mo paano dapat makipag-ugnayan ang mga tao sa iglesya sa Diyos at sa isa't isa?

## 2 Bilang isang Iglesya, iisa lamang ang ating pananampalataya.

*[18]"At ngayon sinasabi ko sa iyo na ikaw si Pedro, at sa batong ito, itatayo ko ang aking iglesya, at* ***hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan****. [19]Ibibigay ko sa iyo ang kapangyarihan sa kaharian ng Diyos. Anuman ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal din sa langit, at anuman ang ipahintulot mo sa lupa ay ipapahintulot din sa langit."* **MATEO 16:18–19**

*[4]Sapagkat iisang katawan lamang tayo na may iisang Banal na Espiritu, at iisa rin ang pag-asang ibinigay sa atin nang tawagin tayo ng Diyos. [5]Iisa ang Panginoon natin,* ***iisang pananampalataya****, at iisang bautismo. [6]Iisa ang Diyos natin at siya ang Ama nating lahat. Naghahari siya, kumikilos at nananahan sa ating lahat.* **MGA TAGA-EFESO 4:4–6**

Ito ang katotohanang ipinapahayag ng Iglesya sa mundo—na si Jesus ay namatay sa krus upang iligtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan at kamatayan, at matapos ang tatlong araw, matagumpay Siyang bumangon mula sa kamatayan at ngayon ay naghahari at namamahala sa langit at sa lupa. Ang mga nananampalataya kay Cristo ay anak ng Diyos (1 Juan 5:4–5). Hindi kamatayan ang may huling salita sa Iglesya dahil ang mga naniniwala kay Cristo ay muling mabubuhay (Mga Taga-Roma 8:11) at magkakaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16). Bilang mga mananampalataya, nananalig tayo sa ginawa ni Cristo sa krus upang iligtas ang mga makasalanan mula sa kasalanan at kamatayan. Naniniwala din tayo sa Kanyang pangako na itatatag Niya ang Kanyang Iglesya at pamumunuan ang Kanyang mamamayan tungo sa tagumpay. Siya ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin bilang isang Iglesya. Sinasabi sa Mga Taga-Efeso 4:3–6 na dapat *pagsikapan ninyong mapanatili ang pagkakaisa n'yo mula sa Banal na Espiritu* dahil *iisang katawan lamang tayo na may iisang Banal na Espiritu*. Ayon sa Mga Taga-Galacia 3:26–28, ano ang nangyayari kapag nanampalataya tayo kay Jesus?

........................................

........................................

## APPLICATION

- Nanampalataya ka na ba kay Jesus lamang para sa iyong kaligtasan at tinanggap mo na ba Siya bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Bilang mga mananampalataya, si Jesus ay dapat na nasa sentro ng lahat ng ginagawa natin bilang mga indibidwal at bilang isang bahagi ng komunidad. Paano mo maisasapamuhay ang katotohanang ito ngayong linggo?
- Sino ang mga tao na nakakasama mo sa iyong paglilingkod sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin upang maitaguyod ang pagkakaisa habang sama-sama kayong sumusunod at naglilingkod kay Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtatatag Niya ng Kanyang Iglesya sa mundo. Ipanalangin na lagi Siyang mananatili sa sentro ng iyong komunidad ng iglesya at na paglilingkuran ninyo Siya nang buong puso bilang isang katawan.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung sino sa iyong komunidad ng iglesya ang nakakaramdam na pagkahiwalay sa iba. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang makipag-ugnayan sa kanila at iugnay sila sa iba pang mananampalataya.
- Ipanalangin na ang Iglesya ay magkaisa kay Cristo at magawang tuparin ang Kanyang misyon sa lahat ng bayan.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Madel Vanguardia

victory.org.ph